BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Paglikha ng Kumpletong mga Komunidad. Pag-transform sa mga Lupain ng Lungsod.

***Iparinig ang inyong boses sa site sa hinaharap ng Kennedy Rd. S, Highways 410 at 407***

BRAMPTON, ON (Pebrero 2, 2023) – Inilulunsad sa araw na ito, sinusubukang makamit ng Lungsod ng Brampton ang pambuong komunidad na pakikilahok upang hingin ang feedback ng mga residente, negosyo, at lokal na mga stakeholder tungkol sa kinabukasan ng mga Lupain ng Lungsod na matatagpuan sa Kennedy Rd. S, Highways 410 at 407.

Tinukoy sa 2040 Bisyon ng Lungsod bilang east anchor ng ‘Uptown Brampton’, itong 45.3-hectare (112 acre) na site na pag-aari ng Lungsod ng Brampton ay may potensyal na mabago para pasulungin ang lugar bilang isang panrehiyon na destinasyon.

Ang isang 2019 na teknikal na pag-aanalisa ay tumukoy sa strategic na pagkakataon para baguhin itong malaki, pwedeng i-develop na precinct (dating natukoy na “CAA Lands”) mula sa isang sports complex tungo sa isang bagong urban core na may malaking pagkakataon sa transportasyon para sa high-density na residensyal, negosyo, libangan, at turismo.

Sa kasalukuyan, ang area ay ang lokasyon ng CAA sports at entertainment facility (dating Powerade Centre.). Ang redevelopment ng mga lupain ay umaayon sa bisyon ng Lungsod na pagpapasulong ng mga proyekto para lumikha ng “kompletong mga komunidad”.

Inilulunsad ng Lungsod ang Expression of Interest (EOI) para sa interesadong mga partido upang magsumite ng komprehensibong mga plano para i-develop ang mga lupain tungo sa isang masigla na urban realm at  nalalakad na kapitbahayan na kinabibilangan ng moderno, multi-purpose na pasilidad ng cricket.

## Timeline ng Expression of Interest

- Q1 2023 – Ilathala ang Expression Of Interest
- Q2 2023 – Tasahin ang Expression of Interest
- Q3 2023 – Iulat sa Konseho

## Ang Pakikilahok

Ang kumpletong mga komunidad ay naglalarawan sa mga residente, mga negosyo at mga local na grupo na pinaglilingkuran nila.

Ano ang gustong makita ng mga residente ng Brampton na maisama sa mga plano para sa lugar? Mahalaga ang inyong input sa aming paggawa ng desisyon, Ang survey na ito ay bukas sa publiko hanggang Pebrero 28, 2023. Isumite ang inyong mga ideua online at iparinig ang inyong boses.

**Mga Quote**

“Ang prospect ng pag-develop ng isang site na pag-aari ng Lungsod ay labis na kapana-panabik at hinihikayat ko ang lahat ng Bramptonian na mas matuto pa tungkol sa katangi-tanging proyekto na ito at iparinig ang opinyon sa kung paano tayo susulong. Ito ay birtwal na malinaw at wala pang laman na pagsisikapan at walang hanggan ang mga posibilidad. Mayroon tayong pagkakataon na gawin ang isang bagay na napaka-espesyal, at ang paglikha ng isang legacy na proyekto bilang pinakamahalagang parte ay isang beses na oportunidad sa henerasyon para liliwanag nang mabuti ang diwa ng Brampton para sa mga dekadang darating.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagbibigay kapangyarihan sa ating komunidad para sumali sa pampagbabagong oportunidad na ito ay isa sa ating mga susi na prayoridad para sa proyekto sa Lupain na Pag-aari ng Lungsod. Sa pamamagitan ng pag-tap sa kaalaman ng mga residente, negosyo at lokal na mga stakeholder, makakalikha tayo ng kumpletong mga komunidad na sustenable, magandang tirahan at naglalarawan sa tunay na mga pangangailangan ng mga taong pinaglilingkuran nila.”

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

“Humihingi kami ng input at interes sa lahat ng dako para sa napaka-kapana-panabik na oportunidad sa Brampton. Kapag nakikita namin ang pagtutulungan sa pagitan ng pamahalaan, pribadong sektor, mga non-profit, akademya at marami pa – nakikita namin ang pinagtutulungan at napasiglang inobasyon na naghahatid ng pinakamalaking halaga para sa ating lungsod. Inaasahan ko na malaman pa ang tungkol sa bisyon ng ating komunidad at hinihikayat ang lahat na makisali sa pag-uusap at iparinig ang kanilang boses.”

- *Harkirat Singh, Deputy Mayor at Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Vice-Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa eksplosibong pag-unlad at walang katapusang oportunidad sa Brampton, ang Lungsod ay patuloy na napapasigla ng momentum na ito sa pamamagitan ng pagtiyak ng transformative na mga oportunidad tulad ng ang proyektong City Lands ay humuhuli sa mga pangangailangan, gusto at diwa ng ating komunidad. Ang ating pangunahing pokus ay pasalihin ang mga residente, negosyo, builder at local na mga organisasyon sa buong proseso para matiyak na sustenable tayong napapaunlad, tiyakin ang halaga para sa nagbabayad ng buwis at dagdagan ang kalidad ng buhay sa Brampton.”

- *Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca